


MAGING BAYANI!



Paghahanda ng Kabataan sa Emergency

Baitang 1-2





Minamahal na Educator,

Malugod na pagdating sa **Maging Bayani** na curriculum ng FEMA, isang nagbibigay kapangyarihang pang-edukasyong paglalakbay sa pagiging handa sa emergency! Ang batay sa mga pamantayang, cross-curricular na programang ito ay dinesenyo upang bigyan ang mga mag-aaral sa mga baitang 1 at 2 ng kaalaman, pagkakaroon ng kabatiran at mga kahusayan sa pagligtas ng buhay na kailangan para maghanda sa iba't ibang mga emergency at sakuna.


Sa paglahok sa tatlong leksiyon na batay sa pagtatanong, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng personal at makabuluhang pag-unawa ng pagiging handa sa sakuna sa konteksto ng mga pang-tunay na mundong mga peligro. Lahat ng mga aktibidad sa pag-aaral ay patungo sa mahalagang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtutulungan sa paghahanap ng katotohanan at pagbabahagi.

Pagsapit ng huling leksiyon, ang mga mag-aaral ay magiging mga "bayani" habang binubuo nila ang kanilang mga sariling **Aklat ng Pagiging Handa** sa paghahanda sa emergency. Gamit ang mga kahusayan sa pakikipag-usap at pagiging malikhain, gagawa sila ng kaalaman ng pagiging handa sa emergency sa mga kaibigan, mga pamilya at komunidad ng paaralan.

Nagbibigay kapangyarihan ang kaalaman! Umaasa kami na matutulungan ka, ang mga estudyante mo at mga pamilya nila na maramdamang handa sila ng programang ito.

Sumasainyo,

Ang Mga Kaibigan mo sa FEMA



FEMA

Talahanayan ng Mga Nilalaman

Leksiyon 1:

Super na Misyon: Hanapin ang Mga Katotohanan 5

Mga Mahahalagang Tanong:

Ano ang emergency? Ano ang natural na sakuna? Ano ang iba't-ibang uri ng mga emergency na maaaring makaapekto sa akin?

Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kilalanin kung ano ang dapat nasa isang emergency kit
- Gagawa ng plano para sa komunikasyon na ibabahagi sa mga pamilya nila
- Tatasahin ang mga plano at kit at kilalanin ang mga paraan upang baguhin at pahasayin ito

Handout ng Mag-aaral:
Ilarawan Ito! 15

Leksiyon 2:

Mga Superhero, Handa Na! 16

Mga Mahahalagang Tanong:

Paano ako/ang aking pamilya maka-kapagtanda para sa isang emergency o sakuna? Ako ba/ang pamilya ko ba ay handa?

Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kilalanin kung ano ang dapat nasa isang emergency kit
- Gagawa ng plano para sa komunikasyon na ibabahagi sa mga pamilya nila
- Tatasahin ang mga plano at kit at kilalanin ang mga paraan upang baguhin at pahasayin ito

Handout ng Mag-aaral:
Handa Na Kami! 21

Leksiyon 3:

Alam Namin Ang Gagawin! 22

Mga Mahahalagang Tanong:

Ano ang dapat kong gawin kapag may emergency? Ano ang mga ligtas na pagkilos sa mga magkakaibang sitwasyong emergency?

Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kilalanin at ipamalas ang mga ligtas na asal at mga hakbang kung paano tutugon/ano ang gagawin sa sitwasyong emergency (hal., sunog sa bahay, buhawi, matinding panahon)

Handout ng Mag-aaral:
Maging Ligtas Tayo! 25

Appendix:

Mga Karagdagang Dulugan 26
Mga Pamantayan ng Edukasyon 27



Pagsisimula

Ang **Maging Bayani** na curriculum ng FEMA ay dinesenyo kasama ka sa isipan, ang ika-21 siglong tagapagturo!

Naaayon at Sinuri ng Guro

Binuo at nirepaso ng mga may karanasang guro ang curriculum upang matiyak na nakahanay ito sa mga kasalukuyang pamantayan at pinapaloob ang kasalukuyang mga kasanayan sa edukasyon. Ang pagkakaalam na ang bawat silid-aralan ay bukod-tangi, ang mga leksiyon ay dinesenyo upang maging maaayon. Maaaring nais mong mag-angkop ng mga aktibidad sa iyong mga pangangailangan at populasyon ng mag-aaral o makipagtulungan sa kasamahan na nagtuturo ng ibang paksa.

Ika-21-Siglo

Ang mga leksiyon ay dinesenyo para makabuo at makagawa ang mga mag-aaral ng mahalagang mga kahusayan sa ika-21 siglo katulad ng: kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, paglutas ng problema, komunikasyon at pakikipagtulungan, malayang pag-iisip at pananaliksik, kaalaman sa impormasyon at media, at pamumuno at pagiging responsable.

Batay sa Proyekto

Ang mga aktibidad ay nakasentro sa mag-aaral at pinamumunuhan ng pagtatanong. Ang tatlong leksiyon ay nabubuo sa isa't-isa, sumasagot sa mga sumusunod na tanong: *Ano ang emergency? Ano ang iba't-ibang uri ng mga emergency na maaaring makaapekto sa akin? Paano ako/ang aking pamilya makakapaghandang para sa isang emergency o sakuna? Ano ang dapat kong gawin kapag may emergency?* Maipaamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa ng materyales sa pamamagitan ng iba't-ibang mga pagtatasa sa proyektong pang-buong yunit.

Multidisciplinary at Cross-Curricular

Sinasakop ng mga aktibidad sa pag-aaral ang iba't ibang mga paksa at kumokonekta sa ilang mga core na paksa, kabilang ang sining ng wikang Ingles, agham, heyograpiya at kalusugan. (Tingnan ang pahina 27 sa Appendix para sa buong listahan ng mga pamantayan na tinutugunan ng bawat leksiyon.)

Isang Tunay na Mundong Pagtutok na Nabibigay Kapangyarihan

Ang pamamaraan sa edukasyon at batay sa paniniwala na ang mga mag-aaral ay motibadong matuto, at makaunawa ng higit pa, kapag nauugnay nila ang paksa sa kanilang mga buhay. Naghahandog ang mga leksiyon sa mga mag-aaral ng pagkakataong magkaroon ng kaalaman tungkol sa mundong nakapaligid sa kanila – hanggang sa sarili nilang kapitbahayan – pagkatapos ay maapektuhan ang mundo nila sa positibo at tunay na paraan!

<http://www.ready.gov/kids>

Nais naming makarinig mula sa iyo!

Ibahagi ang mga karanasan mo sa pag-aaral at gawain ng mag-aaral, at kumonekta sa mga ibang tagapagturo sa buong bansa sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.ready.gov/kids/educators> o pakikipag-ugnayan sa FEMA sa Ready@fema.gov. Maaari ka ring mag-tweet sa amin ng inyong mga karanasan, gamit ang hashtag na **#ReadyKids @Readygov!**





Mga Bahagi

Ang **Maging Bayani** ay bumuo ng ilang mga bahagi upang suportahan ang pagtuturo mo, palawakin ang pag-unawa ng iyong mga estudyante, at abisuhan ang mga magulang at komunidad tungkol sa paghahanda sa emergency. Marami sa sumusunod ay kasama na sa mga leksiyon at mahahanap sa website ng FEMA na (www.Ready.gov/kids). Galugarin at maging bihasa sa kanila bago ituro ang unang leksiyon.

Pahina ng Pantukoy sa Mapa

<http://www.ready.gov/kids/maps>

Isang interactive na mapa ng U.S. na nagpapahintulot sa iyong matuto ng higit pa tungkol sa mga kamakailang kaganapan at anong mga uri ng sakuna nasa peligro ang bawat estado



Bumuo ng Kit

<http://www.ready.gov/kids/build-a-kit>

Impormasyon tungkol sa kung bakit natin kailangan ng emergency kit, at mga mada-download na checklist para sa mga bata at adult



Mga Factsheet sa Sakuna ng Alamin ang Mga Katotohanan

<http://www.ready.gov/kids/know-the-facts>

15 mada-download na mga factsheet na may impormasyon tungkol sa gagawin bago, habang at makalipas ang mga partikular na sakuna



Gumawa ng Plano

<http://www.ready.gov/kids/make-a-plan>

Impormasyon sa kahalagahan ng pag-gawa ng planong pangkomunikasyon ng pamilya, at mga payo para sa mga bata at adult kung paano gumawa ng isa



Mga Pahina ng Magulang

<http://www.ready.gov/kids/parents>

Mga payo at mga kapakipakinabang na mga link para sa mga magulang upang iugnay ang mga bata sa paghahanda sa emergency, at payo mula sa mga psychologist ng bata kung paano tulungan ang mga batang makayanan ang sakuna habang nagaganap at malakipas ito



Dalawang Mga Online na Laro*

<http://www.ready.gov/kids/games>

Subukan ang kaalaman ng mag-aaral sa malawak na saklaw ng mga emergency, at tumulong na turuan kung paano bumuo ng perpektong emergency kit!

*Dinesenyo para sa mga mas batang madla, ngunit masaya pa ring laruin!



Curriculum

<http://www.ready.gov/kids/educators>

Bilang karagdagan sa mga leksiyon para sa mga mag-aaral sa elementarya, kasama din sa programa ang curricula para sa mga mag-aaral sa gitna at mataas na paaralan.

Mga Kasosyong Site at Mga Link

Ang mga karagdagang dulugan at kapakipakinabang na impormasyon ay mahahanap sa Appendix sa pahina 26.



Leksiyon 1

Para sa Baitang 1-2

Super na Misyon: Hanapin ang Mga Katotohanan

Mga Emergency at Likas na Sakuna

Kailangang Oras:

Limang 30- hanggang 40-minutong panahon sa klase*

- **Unang Klase** – Introduksiyon sa Mga Emergency at Likas na Sakuna Misyon sa Araw Mga Katotohanan sa Sunog, **Libro ng Paghahanda** Pagpasok
- **Ikalawang Klase** – Misyon sa Araw Mga Katotohanan sa Black-out; **Libro ng Paghahanda** Pagpasok
- **Ikatlong Klase** – Misyon sa Araw Mga Katotohanan sa Kulog/Kid-lat; **Libro ng Paghahanda** Pagpasok
- **Ika-apat na Klase** – Misyon sa Araw Mga Katotohanan sa Pagbaha; **Libro ng Paghahanda** Pagpasok
- **Ika-limang Klase** – Misyon sa Araw Mga Katotohanan sa Sakuna na Napili ng Guro; **Libro ng Paghahanda** Pagpasok

*Galugarin ang mga katotohanan ng isang sakuna bawat klase.

Mga Supply/Paghahanda:

- Gumawa ng mga kopya ng handout ng mag-aaral
- Mag-download at mag-print ng mga kopya ng 15 Mga Factsheet ng Sakuna mula sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts>
- Pang-chart na papel, mga marker
- 10 piraso ng may butas na may linyang papel at 3 brad, bawat estudyante
- Mga art supply: mga marker, colored pencil, crayon, construction paper
- Pandilig at flat/maikling balde
- Computer, projector/interactive na whiteboard
- Access sa Internet at mga computer

Handout ng Mag-aaral:

- *Ilarawan Ito!*



Kabuuang Pananaw ng Leksiyon:

Ang mga emergency at likas na sakuna ay nakakatakot na mga konsepto sa mga bata. Ngunit mapapanatag ang loob ng mga bata at mabibigyan sila ng kapangyarihan kapag tinuruan tungkol sa mga sitwasyong ito – ano ang mangyayari, ano ang dapat nilang gawin para maghanda at ano ang dapat nilang gawin sa ganitong kaganapan. Ang introduksiyong leksiyong ito ay tutukoy muna sa mga emergency at mga likas na sakuna. Sa pagtutok sa ilang mga sakuna na makakaapekto sa kanila, ang mga batang mag-aaral ay matututo ng mga pangunahing katotohanan at lilikha ng mga aklat para ibahagi ang kaalamang iyon sa iba.

Mga Kahusayan sa Pag-aaral sa Ika-21 Siglo

- Pagiging Malikhain at Inobasyon
- Komunikasyon at Pagtutulungan
- Kaalaman sa Impormasyon




Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kikilala sa mga emergency na maaaring makaapekto sa kanila at sa kanilang mga komunidad
- Ipaliwanag ang mga dahilan (o mga pangan-ib) ng iba't ibang mga emergency batay sa heyograpiya, klima o panahon
- Tukuyin ang mga panganib sa mga tao sa iba't ibang emergency

Mga Mahahalagang Tanong:

Ano ang emergency? Ano ang natural na sakuna? Ano ang iba't-ibang uri ng mga emergency na maaaring makaapekto sa akin?



Mga Tagubiling Hakbang

1. Introduksiyong Talakayan

Mga Emergency:

Tanungin ang mga mag-aaral: *Ano ang kahulugan ng salitang "emergency"?* Tingnan kung paano tutugon ang mga mag-aaral sa tanong. Ipaliwanag na ang emergency ay panahon kung kailan may bagay na seryosong magaganap at kailangan ang agarang tulong. Tanungin ang mga mag-aaral: *Ano ang uri ng emergency?* Bigyan ang mga mag-aaral ng mga halimbawa ng mga sitwasyon at tanungin sila kung ito ay emergency o hindi (halimbawa, isang sunog sa bahay at isang kapatid na umagaw ng laruan, pagkahulog sa bisikleta at pagkakaroon ng flat na gulong ng bisikleta). Habang sumasagot ng mga tanong ang mga mag-aaral, patayuin sila sa dalawang lugar sa silid-aralan – isa para sa mga emergency, isa para sa hindi emergency.

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

Emergency: panahon kung kailan may bagay na seryosong magaganap at kailangan ang agarang tulong

Sakuna: isang emergency na nagdudulot ng malaking pinsala sa mga tao o lugar

Likas na Sakuna: bagay na nagaganap sa kalikasan, minsan dulot ng panahon o klima, na makakapinsala sa atin o sa ating mga kapaligiran

Payo!

Lumikha ng sapot ng salita sa board o sa chart paper kung saan ikaw at ang mga estudyante ay magbibigay ng mga salita na kaugnay ng salitang emergency, katulad ng: "panganib," "mahalaga," "peligro," "nakakatakot." Magpaguhit ng mga larawan sa mga mag-aaral at ipaliwanag ang mga sitwasyon na sa palagay nila ay mga emergency. Kung kaya nila, maaaring magsulat ang mga mag-aaral ng mga salita na sumasala-min sa palagay nila ay "mahalaga," "seryoso," "mapanganib," "peligroso," atbp. (habang bumubuo ng bokabularyo). Halimbawa, "mainit na stove," "estranghero," "koryente," "abalang kalye," "usok," "hangin."

Mga Likas na Sakuna:

Tanungin: *Nakarinig ka na ba ng likas na sakuna? Alam mo ba ang ibig sabihin nito?* Tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan na ang likas na sakuna ay isang emergency na nagaganap sa kalikasan, minsan dulot ng panahon o klima, na makakapinsala sa atin o sa ating mga kapaligiran. Tanungin ang mga mag-aaral kung maaari nilang pangalanan ang isang uri ng likas na sakuna at bakit nila ito ituturing na sakuna. Pumili ng mga halimbawa mula sa sidebar at tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang alam nila tungkol dito. Pumili ng mga makabuluhan sa inyong heyograpikong lugar at maaaring narinig o naranasan ng mga mag-aaral. Talakayin ang ilang uri ng mga likas na sakuna.

Mga Likas na Sakuna

- Mga Blackout
- Tagtuyot
- Mga Lindol
- Sobrang Init
- Mga Baha
- Mga Sunog sa Bahay
- Mga Bagyo
- Mga Pagguho ng Lupa/Agos ng Debris
- Panahon sa Space
- Mga Ulan na may Pagkulong at Kidlat
- Mga Buhawi
- Mga Tsunami
- Mga Bulkan
- Mga Wildfire
- Mga Storm sa Taglamig at Sobrang Lamig



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

Mga Emergency

Gamitin ang chart na ito para sa iyong introduksiyong talakayan sa mga mag-aaral. Tanungin ang mag-aaral:

- *Ano ang emergency?* (Isang panahon kung kailan may seryosong bagay na nagaganap at kailangan ng agarang tulong, katulad ng sunog sa bahay o kapag may taong kailangan ng medikal na tulong)
- *Ano ang natural na sakuna?* (Bagay na nagaganap sa kalikasan, minsan dulot ng panahon o klima, na makakapinsala sa atin o sa ating mga kapaligiran)
- *Ano sa palagay mo ay nagdudulot ng ilan sa mga likas na sakuna?* (Panahon/klima, mga pagbabago sa ibabaw ng lupa)

Payo sa Dulugan

Mga Factsheet ng Sakuna

Bumisita sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts> para i-download lahat ng 15 **Mga Factsheet ng Sakuna**. Kolektahin at ibahagi silang lahat habang natutuklasan ng inyong klase ang higit pang impormasyon sa iba't ibang emergency sa kabuuan ng yunit na ito. I-print ang mga PDF nang may kulay at ilagay sila sa mga pamproteksiyon ng sheet sa isang binder ng dulugan. Gumawa ng mga kopya o i-scan sila para maibahagi ng mga mag-aaral sa kanilang mga pamilya.

Emergency	Ano ito? Ano ang ginagawa nito?
Sunog sa Bahay	Mabilis, mainit at madilim ang sunog. Maraming sunog sa bahay ay maiiwasan.
Mga Storm sa Taglamig/So-brang Lamig	Sumasakop mula sa normal na snow nang ilang oras hanggang sa blizzard na nagtatagal ng ilang araw; maaaring magpababa sa mga temperatura, at minsan malalakas na hangin, pagyeyelo, sleet, at mayelong ulan
Tagtuyot	Nagaganap kapag hindi sapat ang ulan at bumababa ang mga lebel ng tubig
Blackout	Kawalan ng koryente sa isang lugar; naaapektuhan ang koryente na nakukuha natin sa ating mga tahanan, pati na ang mga sistema ng transportasyon – mula sa mga traffic light hanggang sa mga eroplano
Lindol	Ito ay ang pag-alog, paggulong o biglaang pagyanig ng ibabaw ng lupa
Sobrang Init	Mas pinatatrabaho ng husto ang katawan upang mentinahin ang normal na temperatura at panatiliing kumportable ang katawan
Wildfire	Apoy na nawawalang ng kontrol. Ang mga wildfires ay maaaring maganap sa kagubatan, maliliit na bayan o malalaking lungsod
Pagguho ng Lupa/Agos ng Debris	Ay mga kumpol-kumpol ng bato, lupa o debris (mga durog na bato o basura) ay bababa sa dalusdos
Bagyo	Ay malalang tropikan na unod; kapag ito ay napadpad sa lupa, ang kanilang malakas na ulan, matinding hangin at malalaking mga alon ay maaaring makasira sa mga gusali, puno at mga kotse
Panahon sa Space	Tinutukoy ang pagbabago ng mga kundisyon ng araw at space na makakaapekto sa teknolohiya na ginagamit natin sa lupa; makakaapekto sa mga satellites (na kumokontrol sa mga telepono, Internet, at TV); at makakaapekto sa grid ng koryente, nagdudulot ng mga blackout
Buhawi	Pinakamarahas na unos ng kalikasan; mukhang imbudo o korteng apa na ulap na may napakalakas na hangin
Ulan na May Pagkulog/Kidlat	Ang mga unos na may kulog at kidlat; ay maaaring magdulot ng mga biglaang pagbaha; karaiwang nagaganap sa tag-init kapag mainit at maumido; masyadong delikado ang kidlat – makokoryente ka nito!
Baha	Nagaganap kapag malakas ang ulan, kapag umapaw ang mga ilog, kapag ang mga alon ng dagat ay umabot sa dalampasigan, kapag masyadong mabilis natunaw ang snow, o kapag nasira ang mga dam o levee
Bulkan	Isang bundok na bumubukas pababa sa pool ng tunaw o nalusaw na bato sa ilalim ng ibabaw ng lupa at sumasabog, naghahagis ng tunaw na bato sa ere
Tsunami	(Binibigkas bilang <i>tsoo-nah-mee</i> .) Isang serye ng mga higitang alon na nagaganap matapos ang paggalaw sa ilalim ng dagat




Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

2. Mga Katotohanan sa Araw Misyon

Para pahintulutan ang mga mag-aaral na galugarin at matuto tungkol sa ilang mga emergency, ipakilala sila sa isang likas na sakuna bawat araw nang isang linggo. Gamitin ang sumusunod na impormasyon at mga ideya sa aktibidad upang galugarin ang mga paksa nang mas malalim bilang klase. Tingnan ang Appendix sa pahina 26 para sa mga makakatulong na dulugan para kumalap ng mga makakatulong na katotohanan. Mga dulugan sa Project Web (mga larawan, kuwento, video, atbp.) sa screen o gamit ang interactive na whiteboard.

Bawat araw, gumuhit ng mabilis na sapot ng salita (katulad ng nasa larawan) sa board na may pangalan ng sinasakop mong emergency na nakasulat sa gitna. Habang tinutuklasan mo at ng mga estudyante mo ang mas maraming katotohanan, idagdag sila sa sapot ng salita.



Payo!

Magpagawa sa mga mag-aaral ng maiikling skit, iarte ang natutunan nila. Magtalaga ng ilang estudyante na maging elemento ng unos, ang ibang mga estudyante ay ang mga taong maaapektuhan at ang iba ay ang mga manggagawang tagapagligtas. Pumili ng magkakaibang katotohanan para iarte ng mga mag-aaral.

Minumungkahing Outline sa Bawat Araw

Maaari mong piliing mag-aral ng isang emergency bawat linggo, at talakayin ang paksa nang paunti-unti bawat araw.

ARAW 1



Mga Sunog sa Bahay

Maraming sunog sa bahay ay maiiwasan. Mahalaga na malaman ng mga bata ang mga payong pang-iwas ng sunot at ano ang gagawin kapag may sunog sa bahay nila. Ang paksang ito ay tutugunan din sa Leksyon 2.

1. Makipag-ugnay! Habang nagtatrabaho ang mga bata, magpatugtog ng audio clip ng alarma ng sunog (o subukan ang alarma ng usok) para mag-react sila, at tanungin sa kanila kung ano ang tunog.

2. Mga Pantanong na Tanong: Gamitin ang mga tanong na ito upang simulan ang talakayan.

- Ano ang alam mo tungkol sa mga sunog sa bahay?
- Maaari bang maganap ang sunog sa inyong bahay o sa paaralan?
- Maiiwasan ba ang mga sunog sa bahay? (karamihan ay maaari)

3. Factsheet: Basahin at repasuhin ang **Factsheet ng Sakunang Sunog sa Bahay** sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts> nang magkakasama bilang klase. Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na parirala, at magdagdag ng mga guhit, larawa at bokabularyo sa bawat isa habang natututo sila ng higit pa tungkol sa mga sunog sa bahay. Ipakita ang mga guhit sa pasilyo sa labas ng inyong silid-aralan upang makatulong na ibahagi ang mensaheng ito sa iba:

— Mabilis ang sunog! — Mainit ang sunog! — Madilim ang sunog! — Nakamamatay ang sunog!



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

4. Pagsusuri ng Katotohanan: Maglaro ng kaunting trivia game kasama ang mga mag-aaral upang malaman kung gaano ang nalalaman nila.

- Ano ang alarma sa usok at paano ito gumagana? (A: Ito ay kasangkapan na tumutukoy sa usok sa ere. Kapag may natukoy itong usok, tumutunog ito na napakalakas na beep na tunog upang babalaan ka na may nagsimulang sunog.)
- Totoo o Hindi Totoo? Ang mga apoy mula sa pagluto ay ang pangunahing sanhi ng mga sunog sa bahay. (A: Totoo)
- Ano ang dapat mong gawin kapag may nakita kang mga posporo o lighter?
(A: b. Sabihin sa adult)
- A.** Subukang sindihan sila!
- B.** Sabihin agad sa matanda.
- C.** Ibigay ito sa kaibigan.
- D.** Itago ito.
- Dapat mayroon kang hindi bababa sa _____ (na) ruta ng paglikas mula sa bawat kuwarto.
(A: c. Dalawa)
- A.** Wala
- B.** Isa
- C.** Dalawa

5. Mga Karagdagang Online na Dulugan: Bisitahin ang mga sumusunod na website (o ang Appendix sa pahina 26) para sa mas kapakipakinabang na impormasyon.

- Para sa mga dulugan sa pag-iwas ng sunog at pangkaligtasan para sa mga pampublikong tagapagturo sa kaligtasan sa sunog at mga paaralan, bumisita sa site ng U.S. Fire Administration sa <http://www.usfa.fema.gov>.
- Tingnan ang mga payong pangkaligtasan sa sunog sa coloring book na ito bilang klase. Maaaring nais mong i-print ito para sa mga mag-aaral: <http://www.usfa.fema.gov/kids/downloads/coloringbook.pdf>.
- <http://www.sparky.org/>

6. Magmuni-muni: Tapusin ang pag-aaral niyo ng mga sunog sa bahay sa pagmumuni-muni na ito.


- Ipabahagi sa inyong mga estudyante kung ano ang natutunan nila tungkol sa mga sunog sa bahay. Subaybayan ang mga sagot nila.
- Ipalikha sa mga mag-aaral ang unang dalawang pahina sa kanilang mga Libro ng Paghahanda (tingnan ang Pagtatasa at Pagmumuni-muni sa susunod na pahina). Maaaring may bagong bagay silang isulat na kanilang natutunan tungkol sa kaligtasan sa sunog o tungkol sa karanasan na nagkaroon sila o kakilala nila sa sunog sa bahay o pagpigil sa sunog sa bahay.

Payo!

Magsimula ng bulletin board display para sa bawat emergency na pinag-aralan niyo. Magdagdag ng mga larawan, mga guhit ng mag-aaral, mga pangunahing salita sa bokabularyo, mga pagmumuni-muni, mga kuwentong balita, at higit pa upang itampok ang mga mahahalagang katotohanan na natututunan mo kasama ang iyong estudyante.

Disaster Master

Palaruin ang iyong mga estudyante ng **Disaster Master** na laro sa <http://www.ready.gov/kids/games/disaster-master> bilang isang klase, gamit ang projector (humihingi ng mga tugon sa klase sa bawat tanong), o hikayatin ang mga mag-aaral na magkakapares na laruin ito o indibiduwal sa tahanan. Sa laro, kokolekta ang mga mag-aaral ng mga tsapter ng comic book sa daan upang paigtingin ang mga katotohanang natutunan nila.



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

Pagtatasa at Pagmununi-muni

Libro ng Pagiging Handa

Sa kabuuan ng yunit na ito, ang mga mag-aaral ay lilikha at magmementina ng sarili nilang personal na Libro ng Pagiging Handa upang idokumento lahat ng natutunan nila at ilagay sa isang lugar ang mahalagang impormasyon. Bilang pagmununi-muniat buod ng leksiyon ng bawat araw sa mga emergency, ipasulat sa mga mag-aaral gamit ang mga sarili nilang salita sa dalawang pahina na nagbubuod sa natutunan nila (maaari din silang gumamit ng mga pagguhit). Bigyan ang mga mag-aaral ng dalawang pahina ng may linyang papel bawat isa, at pahintulutan silang gumamit ng mga marker, colored pencil, crayon, pen, at mga lapis upang kumpletuhin ang asignatura.

Pasulatin o paguhitin ang mga mag-aaral tungkol sa emergency na kakaaral lang nila sa dalawang pahina. Gumamit ng mga partikular na prompt na nakalista sa bawat araw o ipagawa sa mga mag-aaral ang isa sa sumusunod:

- Bigyang kahulugan ang pangunahing bokabularyo na kaugnay ng sakuna
- Gumuhit ng mga larawan upang isalarawan ang pangunahing bokabularyo
- Sumulat at isalarawan ang dalawa hanggang apat na katotohanan
- Sumulat ng tatlong tanong at sagot tungkol sa emergency
- Ibuod ang emergency at ano ang pakiramdam nila tungkol dito
- Lumikha ng collage tungkol sa emergency
- Gumuhit ng larawan na may mga speech bubble kung saan nag-uusap ang mga tao tungkol sa emergency

Sa katapusan ng linggo, ang mga estudyante ay magkakaroon ng 10 pahina ng impormasyon na nilikha nila (dalawa sa bawat limang emergency na natututunan nila).

Patuloy silang magdadagdag ng mga pahina sa librong ito sa susunod na dalawang leksiyon. Sa kalaunan, ang libro ay maaaring ibahagi sa mga ibang mag-aaral, o itago sa bahay bilang paalala sa mahalagang impormasyon sa paghahanda sa emergency.

Payo!

I-bind ang 10 pahina ng may butas na papel, gamit ang brads, bago ibigay ito sa inyong mga estudyante. Pagawain sila ng takip na may pangalan nila at ang pamagat na **"Ang Aking Libro sa Pagiging Handa."**

KATAPUSAN NG ARAW 1



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

ARAW 2



Mga Blackout

Maaaring maganap ang mga blackout kahit saan. Tasahin kung ilang mga mag-aaral ang nakaranas na na blackout. Talakayin kung ano ang kanilang naramdaman, gaano katagal ang pagkawala ng koryente, ano ang panahon nung nanagap ito, atbp.

1. Makipag-ugnay! Patayin ang mga ilaw sa silid-aralan at isara ang mga shade. Sabihin sa mga mag-aaral na walang koryente – nakakaranas sila ng blackout.

2. Mga Pantanong na Tanong: Gamitin ang mga tanong na ito upang simulan ang talakayan.

- *Nakaranas ka na ba ng blackout?*
- *Kung oo, paano ito? Nasaan ka? Ano ang ginawa mo? Ano ang naramdaman mo?*
- *Kung hindi, maaari bang magkaroon ng blackout kung saan ka nakatira? Paano sa palagay mo ito?*

3. Factsheet: Basahin at repasuhin ang **Factsheet ng Sakunang Blackout** sa http://www.fema.gov/media-library-data/436290d0fa2c5896ed91d54186d45017/FEMA_FS_blackouts_508.pdf nang magkakasama bilang klase. Ipaarte sa mga mag-aaral kung ano ang magagawa bago ang, habang at matapos ang blackout.

Paglalaro sa Power: Ipapangalanan sa mga mag-aaral ang mga bagay na ginagawa nila sa katapusan ng linggo, at maaaring gawin nang walang koryente (hal., magbasa ng libro, maglaro ng mga laruan, matulog, maglaro ng charades o baraha, dumaldal). Itala ang mga sagot nila sa board o chart paper. Susunod, papiliin ang mga mag-aaral kung alin sa mga pagkilos na iyon ang maaaring magawa sa panahon ng blackout (iyon ay, walang koryente). Palagyan sa mga estudyante ng markang check sa tabi nila. Gumuhit ng smiley face sa tabi ng mga pinamahusay gawin sa araw. Tulungan ang mga estudyanteng malaman kung gaano sila umaasa sa koryente.

4. Mga Karagdagang Online na Dulugan: Bisitahin ang mga sumusunod na website (o ang Appendix sa pahina 26) para sa mas kapakipakinabang na impormasyon: <http://www.eia.gov/kids/>

5. Magmuni-muni: Magpagawa sa mga estudyante ng dalawang pahina sa kanilang mga Libro sa Pagiging Handa tungkol sa mga blackout. Kung nakaranas na sila dati ng blackout, hikayatin silang gumuhit ng mga larawan at isulat kung ano ang ginawa nila at ano ang naramdaman nila. Kung hindi pa sila nakakaranas, pasulatin sila kung ano ang kanilang natutunan o ano sa palagay nila kung paano ang isang blackout.

KATAPUSAN NG ARAW 2



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

ARAW 3



Kulog at Kidlat

Ang mga unos na may kulog at kidlat ay maaaring maganap sa bawat estado at maaaring makapanakot ng mga estudyante. Matutunan ang mga katotohana at mga paraan upang manatiling ligtas.

- 1. Makipag-ugnay!** Sabihin sa mga estudyante na may binubuong pattern ang kulog at kidlat. Makakaita ka ng kidlat pagkatapos ay makakarinig ka ng kulog. Matapos mong makita ang kidlat, maaari ikang bumilang para malaman kung gaano katagal bago marinig ang kulog. Mas matagal kang nagbibilang, mas malayo ang unos. Maglaro ng laro ng memorya para makita ng mga mag-aaral ang pattern: kidlat, 1, 2, 3, boom. Patayuin sa bilog ang klase kasama mo. Sasabihin ng bawat tao ang isang salita/bilang sa pattern (kidlat, 1, 2, 3, boom). Kapag sinabi ng tao ang "boom," kailangan niyang umupo. Patuloy na ulitin ang pattern sa bawat taong nakatayo hanggang isa na lang ang natirang estudyante. Mananalò ang estudyanteng iyon ng espesyal na pribilehiyo o sticker.
- 2. Mga Pantanong na Tanong:** Gamitin ang mga tanong na ito upang simulan ang talakayan.
 - *Nakaranas ka na ba ng kulog at kidlat?*
 - *Kung gayon, ano ang naramdaman mo?*
 - *Kung hindi, paano sa palagay mo ito?*
 - *Maaari bang magkaroon ng kulog at kidlat na unos kung saan ka nakatira?*
- 3. Factsheet:** Basahin at repasuhin ang **Factsheet ng Sakunang Kulog at Kidlat** sa http://www.fema.gov/media-library-data/2607c3fe71a68fe165a53ec189fba37e/FEMA_FS_thunderstorm_508.pdf nang magkakasama bilang klase. Katulad ng laro sa hakbang 1, pabilangin ang mga estudyante hanggang 30 para ipakita kung gaano katagal ito aabutin. Repasuhin ang 30/30 na patakaran muli: Pumasok kapag may nakita kang kidlat at hindi makabilang ng hanggang 30 bago makarinig ng kulog. Manatili sa loob nang 30 minuto matapos marinig ang huling palakpak ng kulog.
- 4. Mga Libro sa Panahon:** Sa susunod mong pagpunta sa aklatan ng paaralan, pahanapin ang mga mag-aaral ng mga libro tungkol sa kulog at kidlat na mga unos, o ibang mga paksang kaugnay ng panahon, para palawakin ang kaalaman nila.
- 5. Mga Karagdagang Online na Dulugan:** Bisitahin ang mga sumusunod na website (o ang Appendix sa pahina 26) para sa mas kapakipakinabang na impormasyon:
 - Maghanap ng impormasyon sa kaligtasan sa kidlat mula sa NOAA dito: <http://www.lightningsafety.noaa.gov/>
 - Matuto nang higit pa sa factsheet na ito: <http://www.nws.noaa.gov/om/lightning/resources/lightning-safety.pdf>.
- 6. Magmuni-muni:** Tapusin ang pag-aaral niyo ng mga kulog at kidlat sa ganitong pagmuni-muni-muni. Sa **Mga Libro sa Pagiging Handa** ng mga estudyante, pasulatin sila ng mga bagong katotohanan na natutunan nila tungkol sa kulog at kidlat. Maaari din silang gumuhit ng mga larawan para ipakita kung ano ang itsura ng unos o ano ang dapat nilang gawin kapag may naganap na unos, o maaari silang sumulat ng tula gamit ang mapaglarawang bokabularyo para isalarawan ang kanilang natutunan/naobserbahan tungkol sa kulog at kidlat. Halimbawa:

Mga tunog: palakpak, boom

Mga makikita: flash, puti, zigzag

Mga pakiramdam: takot, kinikilabutan, nanginginig

KATAPUSAN NG ARAW 3



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

ARAW 4



Pagbaha

Maaaring maganap sa bawat estado ang baha. Nagaganap ang mga pagbabaha kapag malakas ang ulan, kapag umapaw ang mga ilog, kapag ang mga alon ng dagat ay umabot sa dalampasigan, kapag masyadong mabilis natunaw ang snow, o kapag nasira ang mga dam o levee. Ito ang pinakakaraniwang kaganapan ng natural na panahon. Ang pagbabaha ay maaaring ilang pulgada lang ng tubig o maaaring lagpas ito sa bubong ng bahay.

- 1. Makipag-ugnay!** Ipapanggap sa mga estudyante na sila ay mga tulo ng ulan. Kapag ilang estudyante lang ang tumatayo sa isang lugar, maayos ang lahat. Magdagdag ng higit pa sa pamamagitan ng pagpapapunta sa mas marami pang estudyante sa isang lugar na iyon – may puddle ka na. Magdagdag pa ng mga estudyante, may baha ka na!
- 2. Mga Pantanong na Tanong:** Gamitin ang mga tanong na ito upang simulan ang talakayan.
 - *Nakaranas ka na ba ng pagbabaha?*
 - *Kung oo, paano ito? Ano ang naramdaman mo?*
 - *Ano ang ginawa mo at ng pamilya mo habang at makalipas ang pagbabaha?*
 - *Maaari bang magbaha kung saan ka nakatira?*
 - *Ano sa palagay mo ang nagdudulot ng pagbabaha?*
- 3. Factsheet:** Basahin at repasuhin ang **Factsheet ng Sakunang Pagbabaha** sa http://www.fema.gov/media-library-data/79a92f5fc479dde04d507673ae7772e1/FEMA_FS_flood_508_8-15-13.pdf nang magkakasama bilang klase. Pag-usapan kung ano ang kahulugan ng paglipat sa kanila at mga gamit nila sa mas mataas na lupa. Paupuin ang mga bata sa sahig katabi ng mga silya nila. Ipaisip sa kanila na may baha at nagsinulang takpan ng tubig ang sahig. Ano dapat ang gagawin nila? Ngayon, patayuin sila at paupuin sa mga silya nila. Maabot ba sila ng tubig na pareho ang lebel? Ipaliwanag na ang paglipat sa taas ng bahay o gusaling apartment ay ang ligtas na dapat gawin kapag may biglaang pagbaha.
- 4. Ulan papuntang Baha:** Kumuha ng maliit na balde (6 hanggang 8 pulgada ang taas). Maaari kang maglagay ng mga bagay sa ilalim, kung nais mo, katulad ng mga bato na lulubog at maliliit na laruang kotse o mga bangka na lulutang. Sabihin sa mga estudyante na isipin na may maliit na bayan sa loob ng balde, parang tumitingin ka sa 3D map. Punan ng tubig ang isang ligidera. Ipakita ang marahang pagbuhos ng tubig sa balde. Ipaliwanag na kung mabagal bumuhos ang ulan tulad ng tubig, ito ay dumadaloy sa mga drain ng kalye o lupa at mawawala. Ngunit pag wala nang pupuntahan ang tubig, o kung masyadong mabilis ang pagbuhos at masyadong malakas, magbabaha. Mabilis at malakas na ibuhos ang tubig para ipakita ang epekto.
- 5. Mga Karagdagang Online na Dulugan:** Bisitahin ang mga sumusunod na website (o ang Appendix sa pahina 26) para sa mas kapakipakinabang na impormasyon:
 - Matutunan ang mga magkakaibang dahilan ng pagbabaha sa http://www.floodsmart.gov/floodsmart/pages/flooding_flood_risks/what_causes_flooding.jsp.
- 6. Magmuni-muni:** Tapusin ang pag-aaral mo ng mga baha sa pamamagitan ng pagpapasulat sa mga estudyante ng dalawang katotohanan sa kanilang **Mga Libro ng Pagiging Handa** tungkol sa pagbabaha na kanilang natutunan at gumuhit ng mga kaakibat na larawan.

KATAPUSAN NG ARAW 4



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

ARAW 5

Pinili ng Guro

Sa huling araw na ito, tumutok sa emergency na malapitang nauugnay sa heyograpikong lokasyon ng inyong paaralan. Gamitin ang **Pahina ng Pantukoy sa Mapa** na mahahanap sa <http://www.ready.gov/kids/maps> at piliin ang sarili mong estado upang matutunan ang mga partikular na emergency na laging nagaganap sa inyong lugar. Pumili ng makabuluhang emergency, at repasuhin ang **Factsheet ng Sakuna**.



KATAPUSAN NG ARAW 5

3. Handout ng Mag-aaral: Ilarawan Ito!

Nagtatampok ang handout ng mag-aaral ng mga imahe ng ilang mga emergency o mga kaugnay na sitwasyon. Kailangang tumbasan ng mga mag-aaral ang tamang caption sa imahe. Bilang reperensiya, maaaring nais mong i-print ang Mga Factsheet ng Sakuna mula sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts> o gawin silang available kung may mga kopya na ang mga mag-aaral.

Para sa mga batang mag-aaral, maaari itong gawin bilang mas aktibidad ng pangkat. Kakailanganin mong basahin ng malakas ang mga caption. Maaari kang magpasulat sa mas nakakatanda o mas advanced na mga estudyante ng karagdagang caption para sa bawat larawan. Ang mga imaheng ito ay maaaring putulin at idagdag sa **Libro ng Pagiging Handa** ng bawat estudyante.




Susi sa Sagot: 1. C, 2. F, 3. A, 4. E, 5. D, 6. B

Pangalan: _____ Petsa: _____

Ilarawan Ito!

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Pumili ng caption na nagsasalarawan sa bawat larawan. Isulat ang letra nito sa tabi ng larawan.

- Kapag nakarinig ka ng alarma ng usok, lumabas agad!
- Manatili sa loob kapag kumukulog at kumikidlat. Lumayo mula sa mga bintana at mga pinto.
- Gumamit ng flashlight kapag may blackout para mahanap ang daan mo sa paligid.
- Huwag magtago mula sa mga bumbero kapag may sunog. Nariyan sila para tulungan ka.
- Ang unos na may malalakas na ulan ay maaaring magdulot ng pagbabaha.
- Lumayo mula sa matataas na puno kapag kumikidlat.



<http://www.ready.gov/kids>



Leksiyon 2

Para sa Baitang 1-2

Mga Superhero, Handa Na!

Pagkakaalam Kung Paano
Maghanda para sa Emergency

Kailangang Oras:

Tatlong 25- hanggang 35-minutong panahon sa klase

- **Unang Klase** – Introduksiyon sa Paghahanda para sa Mga Emergency; Plano para sa Komunikasyon ng Pamilya at Kit para sa Mga Supply sa Sakuna
- **Pangalawang Klase** – Talakayan sa Kaligtasan sa Sunog sa Bahay
- **Pangatlong Klase** – Entry sa *Libro sa Pagiging Handa*

Handout ng Mag-aaral:

- *Handa Na Kami!*



Mga Supply/Paghahanda:

- Make copies of student handout
- Gumawa ng mga kopya ng handout ng mag-aaral
- Pang-chart na papel, mga marker
- Computer, projector/interactive na whiteboard
- Mag-download at mag-print ng mga kopya ng **Checklist para sa Emergency Kit ng Kabataan at Plano para sa Emergency ng Pamilya ng Kabataan** mga pahina mula sa <http://www.fema.gov/media-library/assets/documents/34326> at sa <http://www.fema.gov/media-library/assets/documents/34330>
- Mag-download at mag-print ng mga kopya ng 15 Mga Factsheet ng Sakuna mula sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts>
- Gumuhit ng floor plan ng silid-aralan (mga dingding lang) at gumawa ng mga kopya para sa mga mag-aaral
- 2 piraso ng may linyang papel para sa bawat mag-aaral
- Mga art supply: mga marker, colored pencil, crayon, ruler, scratch paper
- Access sa Internet at mga computer

Kabuuang Pananaw ng Leksiyon:

Tutulungan ng leksiyong ito makaramdam na may kapangyarihan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagturo sa kanila na may mga hakbang tayong magagawa para maghanda para sa isang emergency upang maaari tayong manatiling ligtas habang nagaganap ito at makalipas. Matututo sila tungkol sa pagbubuo ng emergency kit (bago pa man), gamit ang plano para sa kaligtasan ng tahanan sa sunog at ibang mga paraan para maghanda tayo para sa mga emergency.

Mga Kahusayan sa Pag-aaral sa Ika-21 Siglo

- Pagiging Malikhain at Inobasyon
- Komunikasyon at Pagtutulungan
- Kaalaman sa Impormasyon




Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kilalanin kung ano ang dapat nasa isang emergency kit
- Gumawa ng plano para sa komunikasyon na ibabahagi sa mga pamilya nila
- Tatasahin ang mga plano at kit at kikilalanin ang mga paraan upang baguhin at pahusayin ito

Mga Mahahalagang Tanong:

Paano ako/ang aking pamilya makakapaghanda para sa isang emergency o sakuna? Ako ba/ang pamilya ko ba ay handa?



Mga Tagubiling Hakbang

1. Introduksiyong Talakayan

Ilang araw bago ang leksiyong ito, magpadala sa mga mag-aaral ng bagay na magpaparamdam sa kanila na sila ay “ligtas.” Pagkatapos, buksan ang leksiyon sa pamamagitan ng show-and-tell (o ibahagi at talakayin, kung ayaw mong magpadala ng mga gamit sa mga mag-aaral). Ipaliwanag sa mga mag-aaral bakit napaparamdam ng mga bagay na sila ay ligtas at subukang isalarawan kung ano ang pakiramdam nun. Maaari din gumuhit ng larawan ang mga mag-aaral kung ano ang nagpaparamdam sa kanila na sila ay ligtas at idagdag ito sa kanilang **Mga Libro sa Pagiging Handa**.

Susunod, talakayin kung ano ang nararamdaman ng mga mag-aaral sa panahon ng mga emergency. Sabihin sa mga mag-aaral na matututo sila na may mga hakbang na magagawa ng lahat upang maghanda para sa mga nasabing kaganapan na makakatulong sa ating hindi masyadong mag-alala at tutulungan tayong manatiling ligtas.

2. Plano para sa Komunikasyon ng Pamilya at Emergency Kit

Imbitahan ang mga mag-aaral na ibigay ang mga ideya nila at mga sagot sa sumusunod na tanong: *Paano tayo maghahanda para sa emergency?* Matapos ipabahagi sa mga mag-aaral ang mga sagot nila, sabihin sa kanila na ang pinakamahalagang paraan na tayo ay makakapaghanada para sa maraming emergency ay ang paggawa ng **Plano para sa Komunikasyon ng Pamilya**, at pagkakaroon ng **Emergency Kit** na nakaempake nang maaga pa lang.

Gumawa ng Plano

Bumisita sa <http://www.fema.gov/media-library/assets/documents/34330> at i-project ang **Plano para sa Komunikasyon ng Pamilya ng Kabataan** na handout sa whiteboard o screen. Magkakasamang tingnan ang pahina at talakayin kung bakit mahalagang magkaroon ng plano para sa komunikasyon ng pamilya at pumili ng ligtas na lugar kung saan magkikita-kita. Imbitahan ang mga mag-aaral na mag-brainstorm at magbahagi ng mga ideya ng ligtas na lugar kung saan magkikita-kita na malapit sa mga bahay nila. Tanungin ang mga mag-aaral: Paano kung nasa kaibigan ka at kailangang maabot ang pamilya mo upang ipaalam sa kanila na okay ka? Sabihin sa mga mag-aaral na sa pagkakaroon ng planong pang-emergency sa kanilang mga magulang at pamilya, lagi silang magiging handa at mananatiling ligtas.

Upang ipakita kung gaano kahalaga ang komunikasyon, hatiin ang mga mag-aaral sa pangkat ng apat o lima at maglaro ng mabilis na laro.

- Una, ipakita kung paano magiging kapag walang plano ng komunikasyon ang mga mag-aaral. Pagalawin ang mga mag-aaral sa silid-aralan, palayo sa mga miyembro ng pangkat at maghanap ng gagawin para maging okupado o kaibigang kakausapin. Matapos ang ilang minuto, magpatunog ng bell o tawagin ang atensiyon nila at sabihan silang sumama sa ibang mga miyembro ng kanilang pangkat. Itala kung ilang segundo aabutin para mahanap ng lahat ang kanilang pangkat.
- Susunod, sabihin sa mga pangkat na pumili ng lugar kung saan magkikita-kita sa silid-aralan bago pa man. Pakalatin ang mga pangkat muli sa silid-aralan nang ilang minuto bago sila tawagin. Orasan kung ilang segundo inabot ang mga mag-aaral na bumalik sa mga pangkat nila sa mga natukoy na lugar ng pagkikita-kita.

Ipahambing sa mga mag-aaral kung paano ang pakikipag-kita sa kapwa beses bilang pangkat. Aling oras ang mas madali, hindi kasing gulo at mas tahimik?

Payo!

- Mag-print ng sapat na kopya ng **Plano para sa Komunikasyon ng Pamilya** ng Kabataan at **Kit para sa Emergency ng Kabataan** na mga handout para itago ng mga mag-aaral at pangalawa para iuwi at ibigay sa kanilang mga magulang.
- Ipaalis at ipabahagi sa mga mag-aaral ang mga ideya ng ibang mga pagkakataon na nagbebenepisyo mula sa “pagpapalano.” May mga plano ba sila para sa mga ibang bagay sa kanilang mga pamilya? Paano sila gumagawa ng mga planong iyon?



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

Bumuo ng Checklist ng Kit

Para makatulong ipaliwanag ang pangangailangan sa emergency kit, bigyan ang mga mag-aaral ng scratch paper at ipasulat sa kanila o ipaguhit sa kanila ang isang bagay na gusto nilang gawin sa bahay at isang pagkain na nais nilang kainin. Samantala, sa chart paper, gumuhit ng “T-chart” na may “oo” at “hindi” na hanay. Sabihin sa mga mag-aaral na magpanggap na nawalan sila ng koryente sa bagyo o unos. Repasuhin ang mga pagkilos at mga pagkain na sinulat ng mga mag-aaral at pahintulutan silang i-tape ito sa ilalim ng “oo” na hanay kung bagay ito na magagawa o makakain kapag blackout, o sa ilalim ng “hindi” na hanay kung hindi. Maaaring makita ng mga mag-aaral ng maraming bagay na ginagawa natin ay hindi magagawa kapag may blackout. Ipaisip sa mga mag-aaral kung ano ang kailangan nilang gawin upang magawa ang mga bagay na gusto nila, o ano ang maaaring pampalit sa bagay. Halimbawa:

- Kung nais nilang uminom ng juice, o kumain ng hamon at keso ngunit di nila mabuksan ang refrigerator, ano sa halip ang maiinom o makakain nila? (*nakaboteng tubig o peanut butter sandwich at prutas*)
- Kung kailangan nilang pumunta sa kanilang kuwarto para may kunin, at madilim, ano ang kailangan nila para pumunta doon? (*isang flashlight*)

Ngayon, i-project ang **Checklist para sa Emergency Kit ng Kabataan** mula sa website paputa sa whiteboard, at magbigay ng mga kopya para iuwi ng bawat mag-aaral. Talakayin kung ano ang dapat nasa isang emergency kit Maaring kulayan ang pahina o gumuhit ang mga mag-aaral kung ano ang ilalagay nila sa kanilang kit at iuwi ito at ibahagi sa mga magulang.

Virtual na Bumuo ng Kit!

Para magsanay kung ano ang natutunan nila, papuntahin ang mga mag-aaral sa online na larong **Bumuo ng Kit**. Una, laruin ang laro bilang klase upang maunawaan kung ano ang dapat kasama ng kit para magamit sa iba’t ibang emergency, mula sa mga blackout hanggang sa mga bagyo. Pagkatapos ay gawing available ang laro para malaro ng mga estudyante pag may oras sila sa mga computer ng klase.

Bandang huli, hayaan ang mga mag-aaral na higit pang magmuni-muni tungkol sa ilalagay nila sa kanilang mga emergency kit, sa pagtatanong sa kanila: Ano ang nais mo para manatili kang nalilibang kung wala kayong koryente? Ano ang magagawa niyo kapag walang koryente? (*Maglaro ng mga laruan, mga game, charades, magbaraha, kumanta, magbasa ng mga libro, atbp.*)

3. Kaligtasan sa Sunog sa Bahay

Mahalaga na magkaroon ng plano sa paglikas sa sunog sa bahay at suriin ang mga pag-iingat na pangkaligtasan at mga peligro sa tahanan. Talakayin ito sa mga mag-aaral at ipaliwanag na magsasanay kayong gumuhit ng mapa at mga ruta ng paglikas sa paaralan. Matapos ay uuwi sila at iguguhit ang mapa ng kuwarto nila kasama ang kanilang mga magulang. Ipaliwanag na ang mapa ng kuwarto ay dapat magpakita ng mga pintuan, bintana at ibang mga labasan.

Paghahanda:

Paunang gumuhit ng basic na floor plan ng inyong silid-aralan (mga dingding lang), at gumawa ng kopya para magamit ng mga mag-aaral. Iwanan ang mga bintana, pintuan at muwebles.

Mamigay ng mga ruler at kopya ng floor plan ng klase sa bawat mag-aaral. Gamit ang ruler, ipalita kung paano gumuhit ng floor plan ng silid-aralan sa board o chart paper, at pasundin ang mga mag-aaral. Ipakita sa mga mag-aaral kung paano markahan ang mga pintuan, mga bintana at mga muwebles. Pagkatapos ay kilalanin ang hindi bababa sa dalawang ligtas na labasan mula sa kuwarto sa pamamagitan ng mga bintana at pintuan. Pahanapin ang mga estudyante ng mga pag-iingat na kaligtasan sa sunog: mga gumaganang alarma sa sunog, mga walang sagabal na mga hakbang, daanan na pintuan, at mga daanan papunta sa mga labasan. Tanungin: *Kailangan bang walang sagabal sa mga daanan para mapuntahan ang mga labasan? Madali bang buksan ang mga bintana?* Ipauwi sa mga estudyante ang mga floor plan at gamitin itong bilang reperensiya para iguhit ang plano para sa paglikas sa bahay kasama ang mga pamilya nila.



Mga Tagubilang Hakbang (pinagpatuloy)

Ipaparepaso at ipagalugad sa mga mag-aaral ang mga payong pangkaligtasan sa sunog (tingnan ang sidebar) nang higit pa gamit ang isa sa mga sumusunod na aktibidad:

- Hatiin ang klase sa tatlo hanggang limang pangkat, na ang bawat pangkat ay tumututok sa isang yugto ng sunog sa bahay. (Magtalaga ng mas maraming mag-aaral sa “bago” at “habang,” dahil maraming sasakupin sa mga yugtong iyon.) Ipaprisinta sa bawat pangkat ang mga mahahalagang payo sa mga ibang koponan sa malikhaing paraan. Maaari silang sumulat ng kanta, rap o tula o acronym; gumawa ng mga poster; o gumuhit ng illustrated na listahan ng payo.
- Gumawa ng malaking visual na chart na may tatlong hanay ng “bago,” “habang,” at “makalipas.” Pasulatin at paguhitin ang mga mag-aaral ng mga larawan ng gagawin sa bawat yugto.
- Turuan ang mga bata na dumapa sa ilalim ng nakakalasong usok. Ipaliwanag na ang usok ay tumataas sa kisame, nag-iwan ng mas malinis na hangin malapit sa sahig. Kung madilim ang kuwarto dahil sa usok, huwag tumayo para lumabas. Dumapa sa sahig kung saan mas malinis ang hangin at maaari kang mas mabuting makakita. Sanayin ito sa mga bata sa pagpapagapang sa mga mag-aaral sa sahig mula sa lugar nila sa silid-aralan papunta sa pintuan.
- Papiliin ang mga mag-aaral ng isa sa sumusunod na mahahalagang yugto at pasulatin ng pahina na may mga illustration para sa kanilang Libro ng Pagiging Handa:

— **Huwag magtago!** — **Lumabas agad!** — **Lumabas, manatili sa labas!**
 — **Bumaba at umalis!** — **Huminto, dumapa, at gumulong!**

Payo!

Tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan na ang pagsasanay sa mga drill ng sunog at gagawin sa emergency ay makakatulong na manatili silang ligtas. Ang pagsasanay ay makakapagperpekto! Katulad ng pagsasanay natin ng mga tunog ng letra at pagbibilang ng tag-10, nagsasanay tayo ng kaligtasan para maging mahusay din tayo rito!

Mga Payong Pangkaligtasan sa Sunog sa Bahay

Bago (mga payong pang-iwas at mga ruta sa paglikas):


- **Plano sa paglikas sa sunog:** Lumikha ng planong pantakas sa sunog at sanayin ito nang dalawang beses bawat taon. Markahan ang kalendaryo ng pamilya mo para ipaalala sa lahat.
- **Dalawang daanan palabas:** Magkaroon ng dalawang paraan para makalabas sa bawat kuwarto. Ang bintana ay maaaring pangalawang daanan kung ang pintuan ay hinaharangan ng apoy o usok.
- **Kapain ang daanan mo palabas:** Magsanay na kapain ang daan palabas ng bahay sa dilim o nang nakasara ang mga mata mo.
- **Huwag magtago!** Huwag magtago mula sa mga bumbero! Maaaring nakakatakot sila dahil sa lahat ng kanilang mga kagamitan, ngunit nariyan sila para tulungan ka.
- **Alamin ang alarma sa usok:** Ang alarma sa usok ay isang kasangkapan na tumutukoy kapag may usok sa ere. Kapag may natukoy itong usok, tumutunog ito na napakalakas na beep na tunog upang babalaan ka na may nagsimulang sunog.
- **Sabihin sa adult:** Kapag nakahanap ka ng mga posporo o lighter, sabihin sa adult. Huwag sila hipuin.

Habang (paggawa ng mga drill para sanayin ang pamilya/estudyante):

- **Bumaba at umalis!** Gumapang sa ilalim ng usok papunta sa labasan. Ang makapal na usok at nakamamatay na mga gas ay naiipon sa bubong.
- **Lumabas agad!** Kapag nakarinig ka ng alarma ng usok, lumabas agad! Maaaring may ilang segundo ka lang para makatakas.
- **Hipuin muna!** Hipuin ang doorknob at pinto bago ito buksan. Kung alinman ay mainit, iwanang sarado ang pinto at gamitin ang pangalawang daan palabas.
- **Huminto, dumapa, at gumulong!** Kung masunog ang mga damit mo, huminto-dumapa-gumulong! Huminto kung nasaan ka: Kapag tumakbo ka, maaaring kumalat ang sunog. Huminto, dumapa sa sahig, at takpan ang mukha mo gamit ang iyong mga kamay. At gumulong nang gumulong o papunta at paroon hanggang mamatay ang apoy.

Matapos (kung saan ka pupunta matapos kang lumabas – sa isang ligtas na lugar kung saan magkikita-kita):

- **Pumunta sa lugar mo ng pagkikita-kita:** Kung ikaw ang unang lalabas sa nasusunog na gusali, maghintay sa lugar kung saan magkikita kapag may emergency na napagpasyahan mo at tumawag sa 911.
- **Lumabas, manatili sa labas!** Huwag bumalik sa anumang gusali maliban kung may bumbero o sinabi ng mga magulang mo na ligtas na.



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

4. Kaligtasan sa Sunog sa Bahay

Imbitahan ang mga estudyante na magbahagi ng bagong bagay na natutunan nila ngayon. Ipaalala sa kanila na gumawa ng ibang bagay kaysa sa naibahagi ng mga mag-aaral sa bago sila.

5. Handout ng Mag-aaral: *Handa Na Kami!*

Nagtatampok ang handout ng maikling kuwento tungkol sa isang pamilya na naghahanda para sa mga emergency sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbuo ng kanilang kit na pang-emergency ng pamilya: pagbili ng tubig at pagkalap ng mga flashlight, baterya, kumot, libro at mga laro. Tatanungin ang mga mag-aaral ng mga tanong sa komprehensiyon tungkol sa nakikita nila sa mga larawan: tungkol sa pamilya, ano ang ginagawa nila, ano ang nais nila sa sarili nilang emergency kit, at ano ang mararamdaman nila habang naghahanda sila sa emergency.

Magkasamang basahin nang malakas ang kuwento, at pagtrabahuin nang magkakapares ang mga mag-aaral o mag-isa upang kumpletuhin ito, o ipauwi ito sa mga mag-aaral upang kumpletuhin kasama ng mga pamilya nila. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mga emergency kit ay para sa mga emergency na hindi pa nagaganap. Ginagawa niyo sila upang handa ka sa emergency na maaaring magaganap sa hinaharap. Kung may sunog sa bahay, dapat ka agad lumabas at huwag huminto para magdala ng anuman. Hindi mo kailangan ang iyong emergency kit.

Susi sa Sagot:

1. Ano ang ginagawa ng pamilya? *Naghahanda ang pamilya ng emergency kit.*
2. Pangalanan ang tatlong bagay na isasama sa emergency kit. *Maaaring kasama sa mga sagot ang: flashlight, mga baterya, delata, nakaboteng tubig, mga kumot, laro, libro, meryenda, first-aid kit, radyo, bag para sa basura, mapa, at cellphone at charger.*
3. Ano pa ang kailangan nila? *Tingnan ang mga bagay sa itaas.*
4. Ano ang pakiramdam mo sa paghahanda ng emergency kit? *Iba-iba ang mga sagot.*
5. Ano ang ilalagay mo dito? *Iba-iba ang mga sagot.*

Mga Extension

Libro ng Pagiging Handa

Bilang karagdagang pagtatasa, ipasulat at ipa-illustrate sa mga mag-aaral kung paano maiiwasan at maghahanda para sa emergency. Maaari silang magdagdag ng mga larawan na nagupit nila mula sa mga magasin ng isasama sa kanilang emergency kit.

Bumuo ng Kit Game

Ipasanay sa mga mag-aaral ang natutunan nila sa paglalaro sa <http://www.ready.gov/kids/games/build-a-kit>. Sabihin sa kanila na nasa misyon sila at dapat mahanap ang kailangan nila para sa emergency kit na kanilang pamilya. Kakailanganin nilang pumili ng mga tamang bagay sa bawat lokasyon.

Maging Bisita Namin

Imbitahan ang lokal na tumutugon sa emergency, katulad ng bumbero, para pumunta at kausapin ang klase. Ipaliwanag sa kanila ang kanilang ginagawa at paano gumagana ang kanilang kagamitan, at muling bigyang diin ang mga mahahalagang hakbang na gagawin sa isang emergency.

Handa Na Kami!

Basahin ang kuwento sa ibaba. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong sa kuwaderno o sa ibang pilas ng papel.



Nakita ni Paul ang ina niyang may ginagawa. “Ano’ng ginagawa mo?” tanong niya. Sinabi niya na gumagawa siya ng emergency kit. “May nangyayari ba?” tanong ni Paul. Sagot ng ina niya, “Wala, pero laging mainam na maghanda para sa unos o emergency.” Naglagay siya ng mga flashlight sa bag. Naglagay siya ng blanket at tubig sa bag. “Tutulungan mo ba ako?” tinanong niya si Paul at ang kapatid nitong si Sarah. “Pumili ka ng laro at ilang mga libro, Paul,” sabi ng ina niya. “Sarah, pakihanap ng pang-meryenda sa kabinet.” Handa na sila ngayon!

1. Ano ang ginagawa ng pamilya?
2. Pangalanan ang tatlong bagay na isasama sa emergency kit.
3. Ano pa ang kailangan nila?
4. Ano ang pakiramdam mo sa paghahanda ng emergency kit?
5. Ano ang ilalagay mo dito?





Leksiyon 3

para sa Baitang 1-2

Alam Namin Ang Gagawin!

Paano Tutugon sa
Emergency na Sitwasyon

Kailangang Oras:

Tatlong 35-minutong panahon ng klase

- **Unang Klase** – Introduksiyon sa Ano ang Gagawin sa Emergency
- **Pangalawang Klase** – Mga Emergency Memory Card; **Libro ng Pagiging Handa** Ipinasok
- **Pangatlong Klase** – Ipagkalat ang Salita

Handout ng Mag-aaral:

- *Maging Ligat Tayo!*



Mga Supply/Paghahanda:

- Gumawa ng mga kopya ng handout ng mag-aaral
- Computer, projector/interactive na whiteboard
- Mag-download at mag-print ng mga kopya ng 15 **Mga Factsheet ng Sakuna** mula sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts>
- 2 piraso ng may linyang papel para sa bawat mag-aaral
- Mga art supply: mga marker, colored pencil, crayon, ruler
- Access sa Internet at mga computer

Kabuuang Pananaw ng Leksiyon:

Ngayong marunong na ang mga mag-aaral na maghanda para sa mga emergency, matututo sila sa gagawin kapag tumama ang emergency, at paano bumawi mula sa isa. Matututunan ng mga batang mag-aaral na mahalagang: “Maging handa. Makinig. Manatiling Kalmado.” – na manatiling kalmado hangga’t maaari at makinig sa pinagkakatiwalaang adult sa emergency, katulad ng miyembro ng pamilya o guro. Ngunit, pinakamahalaga, matututo sila na may magkakaibang “mga gagawin” at “mga hindi gagawin” sa bawat emergency.

Mga Kahusayan sa Pag-aaral sa Ika-21 Siglo

- Pagiging Malikhain at Inobasyon
- Komunikasyon at Pagtutulungan
- Kaalaman sa Impormasyon




Mga Layunin sa Pag-aaral:

Ang mga mag-aaral ay...

- Kilalanin at ipamalas ang mga ligtas na asal at mga hakbang kung paano tutugon/ano ang gagawin sa sitwasyong emergency (hal., sunog sa bahay, buhawi, matinding panahon)

Mga Mahahalagang Tanong:

Ano ang dapat kong gawin kapag may emergency? Ano ang mga ligtas na pagkilos sa mga magkakaibang sitwasyong emergency?



Mga Tagubiling Hakbang

1. Introduksiyon/Talakayan

Magsimula sa pagtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang maaaring maramdaman nila kapag may emergency. Ipaliwanag na normal na makaramdam ng takot. Ang isang paraan na mas magpapabuti sa pakiramdam natin kapag may naganap na emergency ay malaman kung ano ang gagawin. Katulad ng mga drill sa sunog sa paaralan, ang pagiging handa sa pagkakaalam at pagsasanay sa gagawin kapag may emergency ay maaaring magpaganda ng pakiramdam mo.

Repasuhin ang ilan sa mga partikular na emergency sa ibaba, anong mga pagkilos ang magagawa ng mga mag-aaral sa mga sitwasyong ito at bakit sila mahalaga. Para sa mga pagkilos na dapat gawin sa ibang mga emergency, sumangguni sa Mga Factsheet ng Sakuna sa <http://www.ready.gov/kids/know-the-facts>. Sa talakayan niyo, bigyan ng espesyal na atensiyon ang mga emergency na maaaring maganap sa inyong heyograpikong lugar, o kahit saan (katulad ng mga sunog sa bahay, blackout, o sobrang init).

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang pinakamahalagang bagay na gagawin sa isang emergency ay “makinig at manatiling kalmado.” Sabihin sa kanila na laging makinig sa pinagkakatiwalaang adult (kabilang ang mga guro, miyembro ng pamilya, mga pulis, bumbero at ibang mga tumutulong) sa panahon ng emergency. Kung manatili silang kalmado at makikinig sa sasabihin ng mga adult, mananatili silang ligtas.

Payo!

Sino ang pinagkakatiwalaang adult?

Magkaroon ng talakayan sa mga mag-aaral tungkol sa aling mga adult ang sa pakiramdam nila ay mapagkakatiwalaan nila. Gumawa ng listahan na tumatalakay sa kung sino ang mapagkakatiwalaan nila sa paaralan, sa bahay, sa kapitbahayan nila. Bagaman ang mga mag-aaral ay naturuang mag-ingat sa mga estranghero, sabihin sa kanila na hindi dapat silang matakto sa mga pang-emergency na tauhan. Imbitahan ang mga bumbero at mga pulis na pumunta at kausapin ang klase (tingnan ang mga extension).

2. Ipagkalat ang Salita!

Ipatrabaho ang mga mag-aaral sa pangkat ng apat hanggang lima at lumikha ng isa sa mga sumusunod na proyekto upang ikomunika ang impormasyon sa paghahanda sa emergency. Maaari silang ibahagi sa mga ibang klase, sa buong paaralan o sa komunidad (sa pamamagitan ng radio, at ng library, sentro ng komunidad, atbp.).

- Isang skit na nagpapakita ng magkakaibang senaryo para i-role-play at imodelo ang mga ligtas na pagkilos
- Isang chant, tula, o kakantahing kanta
- Isang Fact Check na laro na gumagamit ng mga katotohanang natutunan nila tungkol sa magkakaibang emergency o isang partikular na emergency
- Isang poster na isasabit sa mga pasilyo o ibang silid-aralan na nagpapakita ng gagawin mo bago, habang at makalipas ang emergency, o isang nagtataguyod sa partikular na katotohanan (tulad ng Dumapa at Umalis!), o paglikha ng **Emergency Kit**
- Isang presentasyon tungkol sa isang emergency at mahahalagang payong tatandaan

3. Disaster Master

Palaruin ang iyong mga estudyante ng Disaster Master na laro sa <http://www.ready.gov/kids/games/disaster-master> bilang isang klase, gamit ang projector (humihingi ng mga tugon sa klase sa bawat tanong), o hikayatin ang mga mag-aaral na magkakapares na laruin ito o indibiduwal sa tahanan. Nilalagay ng laro ang mga mag-aaral sa gitna ng aksiyon habang tinutulungan nila ang mga bayani ng FEMA na ligtas malagpasan ang mga sakuna. Kapag matagumpay na makumpleto ng mga mag-aaral ang isang lebel, maaari silang mag-print ng kabanata ng graphic novel na nagpapakita sa mga adventure nila.



Mga Tagubiling Hakbang (pinagpatuloy)

4. Mga Emergency Memory Flash Card

Ipagamit sa mga pares ng mga mag-aaral ang mga katotohanan na natutunan nila tungkol sa gagawin kapag may emergency upang lumikha ng mga flash card ng magkakaibang emergency. Ang harapan ng bawat isa ay dapat kasama ang pangalan ng emergency at ginuhit ng kamay na larawan; ang likuran ng bawat card ay dapat may kasamang mga payo sa gagawin sa nasabing emergency. Magagamit ng mga mag-aaral ang mga card na ito upang “i-quiz” ang kanilang mga kaibigan at miyembro ng pamilya o maglaro ng larong “go fish.”

5. Pagmumuni-muni/Pagtatasa – Mga Libro sa Pagiging Handa

Para kumpletuhin ang kanilang **Mga Libro sa Pagiging Handa**, ipadagdag sa mga mag-aaral ang pahina tungkol sa kung paano kikilos sa isang emergency. Para gabayan ang mga mag-aaral, maaaring ipakumpleto mo sa kanila ang panimula ng pangungusap na: “Alam ko ang gagawin kapag_____.” Maaari nilang kumpletuhin ang pangungusap at magdagdag ng mga detalye at larawan tungkol sa anumang emergency o katotohanan na natutunan nila sa yunit.

Magpalikha din sa mga mag-aaral ng pahina kung saan sila pipili ng isang sa mga character mula sa larong **Disaster Master**. Maaari silang gumuhit ng larawan ng character na iyon o ng mga sarili nila bilang **Super Helper** ng character, at isalarawan kung paano sila may kapangyarihang maging ligtas sa anumang emergency. Matapos mag-illustrate ng takip para sa kanilang mga linro, ipauwi ang mga nakumpletong libro upang maibahagi ito ng mga mag-aaral sa mga pamilya at maitago ito.

6. Handout ng Mag-aaral: Maging Ligtas Tayo!

Pinapilili ng handout na ito ang mga mag-aaral ng ligtas na tugon para sa tatlong emergency na sitwasyon. Matapos makumpleto ng mga mag-aaral ang aktibidad nang indibiduwal, talakayin ang mga tugon nila bilang klase. Pagkatapos, ipaguhit sa mga mag-aaral ang sarili nilang solusyong senaryo sa ligtas na tugon tungkol sa isang emergency na napili nila.

Susi sa Sagot:

1. A: Sa blackout, hindi mo dapat buksan ang pinto ng refrigerator. Palalabasin nito ang malamig na hangin at maaaring mapanis ang pagkain.
2. B: Kapag kumukulog at kumikidlat, dapat kang lumayo mula sa mga bukas na lugar o matataas na puno. Dapat kang pumasok at lumayo mula sa mga bintana at pinto.
3. A: Kapag tumunog ang alarma ng usok, lumabas agad! Huwag magtago, at huwag kumuha ng mga laruan. Gumapang nang mababa sa ilalim ng usok at mabilis na lumabas sa bahay niyo.


Extension

Bumisita

Mag-ayos ng pagbisita ng klase sa lokal na mga pang-emergency na pasilidad kung saan maaaring makapanayam at makausap ng mga mag-aaral ang mga tumutugon sa emergency, katulad ng mga bumbero, doktor, coast guard, pulis, atbp.

Maging Ligtas Tayo!


Tingnan ang unang larawan. Ano ang dapat mangyari susunod? Kulayan o gumuhit ng bilog sa paligid ng ligtas na paraan para kumilos. Pagkatapos ay magsulat kung bakit mo pinili ang iyong sagot.



Bakit mo pinili ang iyong sagot? _____



Bakit mo pinili ang iyong sagot? _____



Bakit mo pinili ang iyong sagot? _____





Mga Karagdagang Dulugan

Suriin ang mga sumusunod na link para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bawat organisasyon, mga karagdagang sakuna at emergency.

FEMA

- www.ready.gov
- <http://www.fema.gov/>

Citizen Corps

- <http://www.ready.gov/citizen-corps>

Teen Community Emergency Response Team (CERT)

- <http://www.fema.gov/community-emergency-response-teams/teen-community-emergency-response-team>

Youth Preparedness Council

- <http://www.ready.gov/youth-preparedness-council>

Higit Pang Impormasyon sa Mga Likas na Sakuna at Mga Emergency:

Mga Blackout

- <http://www.ready.gov/blackouts>
- <http://www.bt.cdc.gov/disasters/poweroutage/needtoknow.asp>

Tagtuyot

- <http://www.ready.gov/drought>
- http://waterwatch.usgs.gov/index.php?id=ww_drought

Mga Lindol

- <http://www.fema.gov/earthquake>
- <http://earthquake.usgs.gov/learn/topics/>
- <http://pubs.usgs.gov/gip/2006/21/>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/earthquakes/index.asp>

Sobrang Init

- <http://www.ready.gov/heat>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/extremeheat/>
- <http://www.noaawatch.gov/themes/heat.php>

Mga Baha

- <http://www.ready.gov/floods>
- <http://www.osha.gov/SLTC/emergencypreparedness/guides/floods.html>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/floods/>
- http://waterwatch.usgs.gov/index.php?id=ww_flood

Mga Sunog sa Bahay

- <http://www.usfa.fema.gov/>
- <http://www.cdc.gov/features/fireprevention/>

Mga Bagyo

- <http://www.ready.gov/hurricanes>
- <http://www.nhc.noaa.gov/prepare/ready.php>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/hurricanes/>
- <http://www.osha.gov/SLTC/emergencypreparedness/guides/hurricane.html>

Mga Pagguho ng Lupa/Agos ng Debris

- <http://www.ready.gov/landslides-debris-flow>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/landslides.asp>
- <http://landslides.usgs.gov/>

Panahon sa Space

- <http://www.ready.gov/space-weather>
- <http://www.noaawatch.gov/themes/space.php>
- http://www.nasa.gov/mission_pages/sunearth/spaceweather/index.html
- <http://geomag.usgs.gov/>

Mga Ulan na may Pagkulong at Kidlat

- <http://www.ready.gov/thunderstorms-lightning>
- <http://fema.gov/thunderstorms-lightning>

Mga Buhawi

- <http://www.ready.gov/tornadoes>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/tornadoes/index.asp>

Mga Tsunami

- <http://www.ready.gov/tsunamis>
- <http://www.tsunami.noaa.gov/>
- http://www.stormready.noaa.gov/tsunamiready/resources/Tsmi_Brochure10.pdf
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/tsunamis/index.asp>
- <http://wcatwc.arh.noaa.gov/?page=tsunamiFAQ>
- <http://walrus.wr.usgs.gov/tsunami/CIHH.html>

Mga Bulkan

- <http://www.ready.gov/volcanoes>
- <http://volcanoes.usgs.gov/>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/volcanoes/index.asp>

Mga Wildfire

- <http://www.ready.gov/wildfires>
- <http://www.usfa.fema.gov/>
- <http://www.fws.gov/fire/>
- <http://www.smokeybear.com/>
- <http://www.fs.fed.us/>
- <http://www.stateforesters.org/>
- <http://www.nifc.gov/>
- <http://firewise.org>

Mga Storm sa Taglamig at Sobrang Lamig

- <http://www.ready.gov/winter-weather>
- <http://emergency.cdc.gov/disasters/winter/index.asp>



Mga Pamantayan

Mga Pamantayan sa Karaniwang Core na Sining ng Wikang Ingles:	Leksyon 1	Leksyon 2	Leksyon 3
Pagbabasa: Mga Pang-impormasyong Teksto			
RI.1.1 Magtanong at sagutan ang mga tanong tungkol sa mga pangunahing detalye sa isang teksto.	X	X	X
RI.2.1 Magtanong at sagutan ang mga naturang tanong na sino, ano, saan, kailan, bakit at paano upang ipakita ang pag-unawa sa mga pangunahing detalye sa isang teksto.	X	X	X
RI.1.3 Isalarawan ang koneksyon sa pagitan ng dalawang indibiduwal, mga kaganapan, ideya o mga piraso ng impormasyon sa isang teksto.	X	X	X
RI.2.3 Isalarawan ang koneksyon sa pagitan ng serye ng mga makasaysayang kaganapan, siyentipikong ideya o konsepto o mga hakbang sa mga teknikal na pamamaraan sa isang teksto.	X	X	X
RI.1.5 Alamin at gamitin ang iba't ibang mga tampok ng teksto (hal., mga heading, talahanayan ng nilalaman, mga glosaryo, elektronikong menu, icon) para matukoy ang mga pangunahing katotohanan o impormasyon sa isang teksto.	X		
RI.2.4 Alamin ang kahulugan ng mga salita at parirala sa isang tekstong makabuluhan sa paksa sa baitang 2 o paksa.	X	X	X
RI.2.5 Alamin at gamitin ang iba't ibang mga tampok ng teksto (hal., mga caption, bold na print, subjeading, mga glosaryo, indise, elektronikong menu, icon) para episyanteng matukoy ang mga pangunahing katotohanan o impormasyon sa isang teksto.	X		
RI.1.10 Kasama ng pag-udyok at suporta, basahin ang mga pang-impormasyong teksto na angkop ang hirap para sa baitang 1.	X	X	X
RI.2.10 Pagsapit ng katapusan ng taon, basahin at unawain ang pang-impormasyong teksto, kabilang ang kasaysayan/araling panlipunan, agham, at mga teknikal na teksto, sa hirap ng teskto sa baitang 2–3 na band na kahusayan, na may scaffolding kung kailangan sa mataas na dulo ng saklaw.	X	X	X
Pagsusulat			
W.1.2 Magsulat ng nagbibigay-impormasyon/nagpapaliwanag na mga teksto kung saan pangangalanan nila ang paksa, magbibigay ng ilang katotohanan tungkol sa paksa at magbibigay ng ilang diwa ng pagsasara.	X	X	X
W.2.2 Magsulat ng nagbibigay ng impormasyon/nagpapaliwanag na teksto kung saan sila nagpapakilala ng paksa, gumagamit ng mga katotohanan at mga kahulugan upang gumawa ng mga punto at magbigay ng konklusiyong pahayag o seksyon.	X	X	X
W.1.5 Sa gabay at suporta mula sa mga adult, tumutok sa paksa, tumugon sa mga tanong at mga suhestiyon mula sa mga kasamahan at magdagdag ng mga detalye upang patibayin ang pagsusulat kung kailangan.	X	X	X
W.2.5 Sa gabay at suporta mula sa mga adult at kasamahan, tumutok sa paksa at palakasin ang pagsusulat kung kailangan sa pamamagitan ng pagbabago at pag-edit.	X	X	X
W.1.7 Lumahok sa nakabahaging mga proyekto sa pananaliksik at pagsusulat (hal., galugarin ang ilang libro na “paano” sa nabigay na paksa at gamitin sila upang magsulat ng sunod-sunod na mga tagubilin).	X	X	X
W.2.7 Lumahok sa nakabahaging proyektong pananaliksik at pagsusulat (hal. magbasa ng ilang mga libro sa iisang paksa upang gumawa ng ulat; magtala ng mga obserbasyon ng agham).	X	X	X
W.1.8 Sa gabay at suporta mula sa mga adult, tandaan ang impormasyon mula sa mga karanasan o kumalap ng impormasyon mula sa mga nilaang dulugan upang sumagot ng tanong.	X	X	X
W.2.8 Alalahanin ang impormasyon mula sa mga karanasan o kumalap ng impormasyon mula sa mga nilaang pinagmulan upang sumagot ng tanong.	X	X	X

Mga Pamantayan (pinagpatuloy)

Mga Pamantayan sa Karaniwang Core na Sining ng Wikang Ingles (pinagpatuloy):	Leksiyon 1	Leksiyon 2	Leksiyon 3
Pananalita at Pakikinig			
SL.1.1 Lumahok sa mga pagtutulungang pag-uusap sa magkakaibang kasosyo tungkol sa mga paksa sa baitang 1 at mga teksto sa mga kasamahan at mga adult sa maliit at malalaking pangkat.	X	X	X
SL.2.1 Lumahok sa mga pagtutulungang pag-uusap sa magkakaibang kasosyo tungkol sa mga paksa sa baitang 2 at mga teksto sa mga kasamahan at mga adult sa maliit at malalaking pangkat.	X	X	X
SL.1.2 Magtanong at sumagot ng mga tanong tungkol sa mga pangunahing detalye sa isang tekstong binasa nang malakas o impormasyong oral na pinakita o sa pamamagitan ng ibang media.	X	X	X
SL.2.2 Alalahanin o isalarawan ang mga pangunahing detalye sa isang tekstong binasa nang malakas o impormasyong oral na pinakita o sa pamamagitan ng ibang media.	X	X	X
SL.1.4 Isalarawan ang mga tao, lugar, bagay at kaganapan na may mga makabuluhang detalye, malinaw na nagpapahayag ng mga ideya at mga pakiramdam.	X	X	X
SL.2.4 Magkuwento o alalahanin ang karanasan na may mga angkop na katotohanan at makabuluhang, nagsasalarawang mga detalye, naiintindihan ang pananalita sa mga pangungusap na magkakadugtong.	X	X	X
SL.1.5 Magdagdag ng mga guhit o ibang mga makikitang display sa mga pagsasalarawan kung angkop upang linawin ang mga ideya, nasasaisip at mga pakiramdam.	X	X	X
SL.2.5 Lumikha ng mga audio recording ng mga kuwento o mga tula; magdagdag ng mga guhit o ibang mga makikitang display sa mga kuwento o pag-aalala ng mga karanasan kapag angkop upang liwanagin ang mga ideya, nasasaisip at mga pakiramdam.	X	X	X
SL.1.6 Gumawa ng mga kumpletong pangungusap kung angkop sa gawain at sitwasyon.	X	X	X
SL.2.6 Gumawa ng mga kumpletong pangungusap kung angkop sa gawain at sitwasyon upang magbigay ng hindiling na detalye o klaripikasyon.	X	X	X

Mga Pamantayan ng Pambansang Curriculum para sa Araling Panlipunan:	Leksiyon 1	Leksiyon 2	Leksiyon 3
2.I.1. Alam ang lokasyon ng paaralan, tahanan, kapitbahayan, komunidad, estado, at bansa	X		
3.I.1. Kinikilala ang mga pisikal at pantaong tampok pagdating sa apat na spatial na elemento (hal., mga lokasyon [punto], mga ruta ng transportasyon at komunikasyon [linya], mga rehiyon [lugar], mga lawang puno ng tubig [volume])	X		
3.I.2. Alam ang absolute at relative na lokasyon ng komunidad at mga lugar sa loob nito (hal., mga parke, tindahan, landmark)	X		
4.I.1. Alam ang pisikal at pantaong katangian ng lokal na komunidad (hal., mga kapitbahayan, paaralan, parke, creek, lugar ng pamilihan, paliparan, museo, mga sports stadium, ospital)	X		
4.I.2. Alam na ang mga lugar ay maaaring matukoy sa mga termino ng kanilang pangunahing pantao at pisikal na katangian (hal., rural, urban, gubat, disyerto) o sa uri ng mga porma ng lupa, taniman, katawan ng tubig, klima	X		
5.I.1. Alam na ang mga lugar ay maaaring klasipikahin bilang mga rehiyon ayon sa pisikal na pamantayan (hal., mga rehiyon ng porma ng lupa, rehiyon ng lupa, rehiyon ng pananim, rehiyon ng klima, mga kinalalagyan ng tubig) at pamantayan ng tao (hal. mga politikal na rehiyon, mga rehiyon ng populasyon, mga ekonomikong rehiyon, mga rehiyon ng wika)	X		

Mga Pamantayan (pinagpatuloy)

National Association of Science Standards:	Leksiyon 1	Leksiyon 2	Leksiyon 3
Agham ng Lupa at Space			
1.1.1. Alam na ang maikling panahong mga kalagayan ng panahon (hal. temperatura, ulan, snow) ay maaaring magbago araw-araw at ang mga pattern ng panahon ay nagbabago sa paglipas ng mga panahon	X		
Agham ng Buhay			
6.1.1. Alam na ang mga tanim at hayop ay nangangailangan ng ilang mga dulugan para sa enerhiya at paglaki (hal. pagkain, tubig, liwanag, hangin)		X	
Pisikal na Agham			
9.1.3. Alam na ang koryente sa mga circuit ay makagagawa ng ilaw, init, tunog at mga magnetikong epekto	X	X	
Kalikasan ng Agham			
12.1.2. Alam na ang mga kasangkapan (hal. mga termometro, magnifier, ruler, balances) ay magagamit upang kumalap ng impormasyon at palawakin ang mga pandama		X	

Mga Pambansang Pamantayan sa Kalusugan:	Leksiyon 1	Leksiyon 2	Leksiyon 3
5.1.3. Alam kung paano makikilala ang mga emergency at angkop na tumugon (hal. angkop na gumagamit ng telepono upang makahingi ng tulong; tinutukoy at kumukuha ng tulong mula sa mga pulis, bumbero at medikal na tauhan; ginagamot ang mga simpleng pinsala katulad ng mga gasgas, hiwa, pasa at mga first-degree burn)	X	X	X